# MISYON SA BAWAT PILIPINO NG ASIGNATURANG FILIPINO

*by:*
**Annalyn F. Bagtas**

Hindi natatapos sa loob ng silid-aralan at lalong hindi sa pagkamit ng diploma sa sekondarya ang misyon ng asignaturang Filipino sa mga kabataan (Lacson, 2021). Mula sa antas ng kolehiyo o mataas na edukasyon hanggang sa larangan ng kadalubhasaan, magagamit ang mga araling itinuro dito. Katulad ng Ingles at Matematika, malaki ang ginagampanang tungkulin ng Filipino upang gabayan ang mga estudyante tungo sa mas progresibo at maayos na landas. Sa gitna ng pandaigdigang kompetisyon, mahalaga ang pag-unlad ng mga kasanayang pang-propesyunal. Ang asignaturang Filipino ay may malaking bahagi sa paghuhulma ng mga mag-aaral tungo sa ganitong landasin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Komunikasyon sa Negosyo. Sinong mag-aakala na ang mga Gawain tulad ng pagsulat ng mga teknikal na papel ay magagamit pala sa propesyunal na aspeto? Marami sa mga dokumento ang nangangailangan ng karampatang kaalaman sa kung paano makipagkomunikasyon sa pamamagitan ng pagsulat. Malaking bentahe sa isang indibidwal kung nahubog nang mabuti ang kasanayan niya rito. Bukod pa rito, maganda ring pundasyon ang asignatura upang mabuo ang kumpiyansa sa sarili sa mga talumpati at pormal na diskurso. Mahalaga ang kaalaman sa pakikipagtalastasan lalo na sa mga pulong patungkol sa negosyo kaya naman ay gamit na gamit ang kasanayang ito. Ang asignaturang Filipino ay nagbibigay ng pundasyon sa kakayahang kumumbinsi, magbigay-kaalaman, at gayundin sa pagtuturo ng kapwa-empleyado. Pinaniniwalaang angat ang may alam sa mga gawaing pang-opisina kaya naman mahalagang habang maaga ay pagyamanin na ito.

Kasanayan sa Pagsusuri. Isa ang pananaliksik sa mga kasanayang magiging mahalaga kahit na sa anumang larangan. Maraming negosyo ang umiikot sa istatistika at bumabatay ditto upang mapalago pa. ang pagkakaroon ng mapanuring pag-iisip at ng kagalingan sa pagdedesisyon ay isang sandata upang manguna sa mga kompetisyon, local man o pandaigdigan. Bukod dito, maraming trabaho ang nangangailangan ng magaling na estratehiya at masusing pagtataya upang patuloy na umunlad kaya't hindi nakapagtataka na maraming kumpanya ang kumukuha ng mas madiskarteng mga empleyado..

Pakikipagtalastasan sa Propesyonal na Pamayanan. Ang pag-unlad sa wikang Filipino ay nagbibigay daan sa mas maayos na pakikipag-ugnayan sa kapwa propesyonal, maging ito sa opisina o sa iba't ibang larangan (Aleta, 2017). Maituturing na kalakasan ang kakayahang makipag-usap at makapanghikayat ng mga kapitalista sa isang negosyo. Dito pumapasok ang propesyunalismo na pinag-aaralan sa iba't ibang uri ng mga sulatin at ng pagsasalita. Malaking bagay ang mapulsuhan ang mga mamumuhunan at mahalagang matibay ang pundasyon sa ganitong mga gawain. Magiging malakas sa merkado ang mga taong may malawak na koneksyon at ang katangiang ito ay laging mag-uugat sa kakayahang makipagkomunikasyon nang epektibo. Isa pang mahalagang aspeto ay ang tibay ng pundasyon ng kultura at pagkakakilanlan ng isang tao na siyang magdidikta ng kanyang pagiging Pilipino sa kabila maliban pa sa natural niyang galing (Gamalindo at Sanchez, 2017).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa mga susunod pang mga taon, patutunayan ng mga kabataan ang sinabi ng pambansang bayani na sila ang pag-asa ng bayan. Sila na ang mamumuno sa pamahalaan at magpapatakbo ng ekonomiya, gayundin ang pagmamay-ari ng mga negosyo at mga kumpanya. Malaking bagay ang maihanda sila sa kung gaano kasalimuot ang propesyunal na larangan. Sa tulong ng mga kasanayan na itinuturo sa asignaturang Filipino, mapapanday ng mga mag-aaral ang mga kasanayan lalo na sa pagsasalita at pagsusulat. Sa ganitong paraan ay hindi na kailanman pangangambahan kung kaya ba

ng mga kabataan ang buhay sa labas ng eskwelahan. Sa totoo lang, kahit sino kaya. Lalo na ang mga kabataang hinubog sa makabagong panahon at sa mas mahusay na edukasyon.

*References:*

Lacson, J. (2021). Kahalagahan ng asignaturang Filipino sa pagkatuto ng mga estudyante. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.pressreader.com/philippines/panay-news/20210406/281659667845365

Gamalindo, A. at Sanchez, R. (2017). Ang importansya ng Asignaturang Filipino sa klasrum. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://thelance.letran.edu.ph/home/ReadMore/74

Aleta, E. (2017). Anim na Aspekto ng Pag-unawa sa Markahang Pagsusulit sa Filipino. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/conferences/arts-congress-proceedings/2017/paper-3.pdf

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan